Nobyembre 23, 2023

# Inaprubahan ng Konseho ng Lungsod ng Brampton ang bagong Animal Services By-Law

BRAMPTON, ON – Inaprubahan ng Konseho ng Lungsod ng Brampton ang bagong sumasaklaw sa lahat na Animal Services By-Law na magpapasimula sa ilang mga pagbabago.

Ang pagpapatupad sa bagong Animal Services By-Law ay magdadagdag sa kakayahan ng Lungsod na bantayan ang komunidad, kabilang ang mga residente at mga hayop, sa pamamagitan ng paggamit sa pinakamagandang mga praktis sa pangangalaga at pakikipag-interact sa mga alagang hayop sa bahay at mga hayop-gubat.

Haharapin ng Animal Services By-Law ang kasalukuyang mga isyu na nahaharap ng lungsod kaugnay ng kaligtasan ngf publiko at kabutihan ng hayop.

Magsisimula kaagad, sa ilalim ng bagong Animal Services By-Law, ang sumusunod na mga pagbabago ay magkakabisa:

**Bilang ng mga Hayop**

- Ang pinakamaraming anim na hayop ay pinapayagan bawat sambahayan, na hindi hihigit sa tatlong aso.

**Mga Inahing Manok o Kalapati sa Likod-Bahay**

- Kung meron kayong higit sa dalawang inaheng manok o kalapati sa likod-bahay, kailangang may lisensya kayo.
- Kung meron kayong dalawa o mas kaunti, kailangan ninyong iparehistro ang kulungan.

**Pagpapakain sa Hayop-Gubat**

- Ipinagbabawal ang pagpapakain sa mga hayop-gubat sa Brampton. Ang pagpapakain sa mga hayop-gubat ay magpapa-komportable sa kanila sa paglapit at pagiging nasa paligid ng mga tao

**Pagkontrol ng mga Aso Habang nasa Property ng May-ari**

- Ang mga hayop sa kanilang property na hindi nakatali ay kailangang pigilan sa pamamagitan ng mga kulungan, nakabakod na lugar o kadena.

**Pangunahing Mga Pamantayan ng Pangangalaga**

- Kailangang ninyong magbigay sa inyong mga alagang hayop ng pangunahing mga pamantayan ng pangangalaga kabilang ang:
    - Pagkain at tubig
    - Silungan
    - Medikal na pangangalaga
    - Espasyo para natural na makapaggalaw-galaw o mag-ehersisyo
    - Malinis na mga kondisyon
    - Pisikal na kaligtasan at pangkalahatang kabutihan

Tingnan ang kumpletong listahan sa [www.brampton.ca/animalservices](http://www.brampton.ca/animalservices)

**Trap, Neuter, Release and Manage Program (TNRM)**

- Ang mga volunteer na lumalahok sa mga programang TRNM na nagbabawas sa populasyon ng pusa sa komunidad ay kikilalanin at susuportahan sa kanilang kayunin na bawasan o tanggalin ang mga kolonya ng mga ligaw na pusa.

Para sa karagdagang mga detalye tungkol sa bagong By-Law at Brampton Animal Services, pakibisita ang www.brampton.ca/animalservices.

-30-

**KONTAK NG MEDIA**
Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca